

## Seksyon 7 Pangunahing Pag-uulat, Pahintulot para sa Paninirahan

### 1 BATAYANG TALAAN NG MGA RESIDENTE

Kasabay ng pagpapatupad sa “Batas na Nagsusugo sa bahagi ng Batas hinggil sa Batayang Talaan ng Mga Residente” (Batas bilang 77 ng Taong 2009 (Heisei 21)), at mula Hulyo 9, 2012 (araw ng pagpapatupad), naging sakop din sa sistema ng batayang talaan ng mga residente ang mga dayuhan. Dahil dito, ginagawan na rin ang mga dayuhan ng resident record (*jūminhyō*) sa lungsod, ward o bayan ng tirahan.

#### ◇◇Taong Sakop sa Sistema ng Batayang Talaan ng Mga Residente◇◇

Sa mga residenteng walang Japanese nationality, nasasakop ang mga nasa listahan sa ibaba na may address o tirahan sa loob ng munisipalidad.

A	<p>Taong naninirahan nang matagal-tagal o matagal na panahon (Taong sakop sa pagkakaloob ng residence card)</p> <p>Dayuhang naninirahan nang may pahintulot para sa paninirahan, maliban sa mga mayroong takdang panahon ng paninirahan na 3 buwan o mas maiksi pa, o “Temporary Visitor,” “Diplomat”/“Official” at iba pa.</p> <p>Kasabay ng pahintulot ng paglapag, pahintulot ng pagpalit ng pahintulot para sa paninirahan, pahintulot ng pagpapanibago (renewal) ng panahon ng paglagi sa bansa at iba pang permiso kaugnay sa paglagi sa bansa, ipagkakaloob ang residence card.</p>
B	<p>Bukod-tanging permanenteng residente</p> <p>Bukod-tanging permanenteng residente na itinatakda sa Bukod-tanging pagtatakda sa batas hinggil sa imigrasyon.</p> <p>Ipagkakaloob ang special permanent resident certificate.</p>
C	<p>Taong may pahintulot para sa panandaliang kanlungan o Taong may pahintulot para sa pansamantalang pananatili</p> <p>Dayuhang sumasakay sa barko o iba pa at tumanggap ng pahintulot ng paglapag dahil pinasyang may posibilidad na naangkop sa nanganganlungan (refugee) (Taong may pahintulot para sa panandaliang kanlungan) o dayuhang hindi pa nakakuha ng pahintulot para sa paninirahan na nagsagawa ng aplikasyon para sa refugee status at pansamantalang pinahintulutang manatili sa Japan kapag natupad ang takdang kondisyon (Taong may pahintulot para sa pansamantalang pananatili).</p> <p>Ipagkakaloob ang Kasulatan ng pahintulot para sa panandaliang kanlungan o Kasulatan ng pahintulot para sa pansamantalang pananatili.</p>
D	<p>Taong nananatili dahil sa pagkapanganak dito o Taong nananatili dahil sa pagkawala ng nasyonalidad</p> <p>Dayuhang naninirahan sa Japan dahil sa pagkapanganak o pagkawala ng nasyonalidad ng Hapones at iba pa.</p> <p>Maaaring manatili nang walang pahintulot para sa paninirahan para lamang sa 60 araw mula sa araw na nangyari ang nasabing kadahilanan.</p>

Mangyaring tingnan ang sumusunod na homepage ng Kagawaran ng Ugnayang Panloob at Komunikasyon para sa mga detalye.

[http://www.soumu.go.jp/main\\_sosiki/jichi\\_gyousei/c-gyousei/zairyu/index.html](http://www.soumu.go.jp/main_sosiki/jichi_gyousei/c-gyousei/zairyu/index.html)

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan